



JobKeeper Payment

Sa ilalim ng JobKeeper Payment ng Pamahalaang Australya, ang karapat-dapat na mga negosyo na naapektuhan ang ekonomiya dahil sa Coronavirus ay maaaring makakuha ng tulong sa pasahod upang patuloy na mabayaran ang kanilang mga empleyado.

Ang mga apektadong tagapag-empleyo ay maaaring mag-claim ang kabayaranang \$1,500 kada ikalawang linggo para sa bawat karapat-dapat na empleyado mula 30 Marso 2020 hanggang 27 Setyembre 2020.

Sinisiguro ng JobKeeper Payment na ang karapat-dapat na mga tagapag-empleyo ay mananatiling konektado sa kanilang mga manggagawa at tutulong sa mga negosyo na muling-makapagsimula nang mabilis pagkaraan ng krisis.

Ang Payment ay bahagi ng plano ng Pamahalaan na pagaanin ang epekto sa ekonomiya ng Coronavirus at maging tulay upang makabangon.

Mahalagang impormasyon para sa mga tagapag-empleyo

Upang makatanggap ng JobKeeper Payment, ang mga tagapag-empleyo ay dapat magparehistro ng kanilang intensyon na mag-aplay sa Taxation Office (ATO) website www.ato.gov.au.

Dapat ring pag-aralan ng mga tagapag-empleyo kung mayroon o kung makakaranas sila ng tinutukoy na pagbaba ng turnover — para sa karamihan ng mas maliliit na negosyo, ito ay kabawasan nang 30 porsiyento sa kita o mahigit pa, simula 1 Marso 2020 na lampas sa minimum na isang buwan.

Ang mga hindi pinagkakakitaang negosyo kabilang ang mga kawang-gawa at maging mga indibidwal na may sariling-pagtatrabaho o mga self-employed (mga negosyo na walang mga empleyado) na nakatugon sa mga turnover test at rekesitos ng pagiging karapat-dapat ay maaari ring mag-aplay para sa JobKeeper Payment.

Bilang bahagi ng proseso, ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa ATO ng impormasyon ng mga karapat-dapat na empleyado. Kabilang dito ang impormasyon na bilang ng mga karapat-dapat na empleyado simula 1 Marso 2020 at sa mga kasalukuyang nagtatrabaho sa negosyo (kabilang ang mga pinahinto sa trabaho o mga kinuha muli upang magtatrabaho).

Ang mga karapat-dapat na tagapag-empleyo ay tatanggap ng unang JobKeeper Payment simula sa unang linggo ng Mayo.

Mahalagang impormasyon para sa mga empleyado

Kung ikaw ay isang empleyado, ipapaalam sa iyo ng iyong tagapag-empleyo kung siya ay nag-claim ng JobKeeper Payment para sa iyo— ang karamihan ng mga manggagawa ay wala nang kailangan pang gawin.

Ang full time at part-time time na empleyado, kabilang ang mga empleyado na pinahintong magtatrabaho, ay karapat-dapat sa the JobKeeper Payment.

Kung ang isang kaswal na empleyado ay nagtatrabaho sa kaniyang tagapag-empleyo nang regular at may sistematikong batayan nang hindi bababa sa nakaraang 12 buwan, simula sa 1 Marso 2020, siya ay magiging karapat-dapat din para sa Payment. Ang karapat-dapat na mga empleyado, simula sa 1 Marso 2020 ay kinabibilangan ng:

- mga mamamayang Australyano
- may hawak na permanenteng visa
- may hawak na Special Category (Subclass 444).

Kung ikaw ay karapat-dapat, ang JobKeeper Payment ay tutustos sa bahagi o buong kita mo — ang iyong tagapag-empleyo ay responsable para sa pagbabayad sa iyo sa pamamagitan ng kanilang sistema ng payroll.

Ang mga karapat-dapat na empleyado ay tatanggap ng minimum na \$1,500 kada ikalawang linggo, bago ang buwis mula sa kanilang tagapag-empleyo. Walang mga kabayaranang superannuation guarantee ang kailangang bayaran para sa anumang karagdagang ibinayad dahil sa JobKeeper Payment.

Kung ikaw ay karaniwang tumatanggap ng kita na mas mababa sa \$1,500 kada ikalawang linggo bago ang buwis, ang iyong tagapag-empleyo ay dapat magbayad sa iyo ng minimum na \$1,500 kada ikalawang linggo bago ang buwis.

Kung naaprubahan ang aplikasyon mo sa JobKeeper Payment, ngunit kasalukuyang tumatanggap ka ng JobSeeker, o isa pang kabayaranang suporta sa kita, kailangan mong ipagbigay-alam sa Services Australia ang pagbabago ng iyong sitwasyon o kung ikaw ay nagkaroon ng utang na kailangang bayaran.